Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

# Paggamit Ng Information Communications Technology (ICT) Sa Pagkatuto Ng Panitikang Asyano

Gretchen Mae M. Manman
Tadian School of Arts and Trades
gretchenmae.manman@deped.gov.ph

Faustina T. Dio-as
Benguet State University

Publication Date: August 9, 2025
DOI: 10.5281/zenodo.17641497

**Abstrak**

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa Paggamit ng Information Communications Technology (ICT) sa Pagkatuto ng Panitikang Asyano. Layunin nito na matukoy ang antas ng pangangailangan ng mga guro sa paggamit ng ICT sa mga paksa ng Panitikang Asyano, matukoy ang angkop na kagamitang ICT-Based na mabubuo sa mga paksang pinakanangangailangan ng paggamit ng ICT at matukoy ang antas ng balidasyon ng mga nabuong kagamitang ICT-based na makatutulong sa pagtuturo ng Panitikang Asyano.

Bilang resulta ng pag-aaral, lumabas na halos lahat ng paksa sa Panitikang Asyano ay may mataas na antas ng pangangailangan ng paggamit ng ICT at nangangailangan ng ICT-Based na kagamitang pampagkatuto na magagamit sa pagtuturo. Ang angkop na kagamitang ICT-Based na maaaring gamitin sa pagtuturo ng Panitikang Asyano ay mga interaktibong kagamitan na binubuo ng mga elemento ng multimedia. Samantala, ang paggamit ng mga binuong kagamitang ICT-Based ay katanggap-tanggap sa mga ebalweytor.

**Keywords:** *Information Communications Technology (ICT), Panitikang Asyano, Multimedia Presentation, Interactive E-book, at Video Lesson*

## INTRODUKSYON

Sa kasalukuyan, ang Information Communications Technology o ICT ay bahagi na ng pang-araw-araw na pamumuhay ng bawat indibidwal na malawakang ginagagamit sa bawat sulok ng mundo. Ang mga tool, aplikasyon at software na nalilikha rito ay labis na nakatutulong sa pagpapadali at pagpapabuti sa kalidad ng pamumuhay. Sa katunayan, ang mabilis na pag-unlad at inobasyong nangyayari sa larangang ito ay nagdudulot ng pambihirang pagbabago sa gawi, pag-iisip, at pamumuhay ng mga tao sa lipunan (Grabe at Grabe, 2007). Ayon kay Rouse (2023), ang ICT ay ang paggamit ng mga computing at telecommunication technology, system, at tools gaya ng server, laptop, computer, software application, cellphone, at internet sa paglikha, pangangalap, pag-transmit, at pag-iimbak ng mga impormasyon. Layunin nitong mapabuti ang pag-access sa mga impormasyon at gawing episyente, at mapadali ang komunikasyon.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

Kaugnay nito, kapansin-pansin ang epekto nito sa iba't ibang sektor ng pamahalaan lalo na sa larangan ng edukasyon. Ang mga inobasyong nililikha rito ay nakatutulong upang makasabay ang mga mag-aaral sa napakabilis na mga pagbabago sa lipunan at mapadali ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Subalit, sa paghubog sa mga mag-aaral at paghahanda sa kanila sa mga pagbabagong ito ay labis na mahalaga ang gampanin ng guro sa paggamit ng ICT sa kanyang pagtuturo. Kaya naman malaking hamon ito sa mga paaralan na kailangang isaalang-alang ang integrasyon ng ICT sa kanilang kurikulum upang ihanda ang mga mag-aaral na makipagsabayan sa lipunan na kung tawagin ay "a knowledge society" (Ghavifekr et al., 2012).

Sa mga guro ay nakatutulong ang paggamit ng ICT sa paglinang ng epektibo, malikhain at kawili-wiling banghay-aralin at kagamitang pampagkatuto na magbubunga ng aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase. Samantala, sa mga mag-aaral naman ay mas nagiging kawili-wili ang kanilang pag-aaral sapagkat nakikilahok sila sa gawaing technology-based na mas nakatutulong sa pagpapataas ng kanilang pag-unawa sa kanilang mga aralin. Ayon kina Brush et al. (2008), ang paggamit ng ICT sa pagtuturo ay nagsisilbing tool ng mga mag-aaral sa pagtuklas sa paksa ng aralin at paglutas sa mga suliraning nakakaharap sa proseso ng pagkatuto.

Sa kabila ng magandang naidudulot ng ICT sa pagkatuto ng mga mag-aaral, ang hamon sa kakulangan sa mga kagamitan, computer laboratory at access sa internet lalo sa mga paaralang nasa rural ay hindi maikukubli. Maliban dito, ang kaalaman sa paggamit ng teknolohiya lalo na sa Information Communications Technology ay isa sa hamon na kinahaharap ng edukasyon sa kasalukuyan (Igualdo, 2022). Lumabas din sa pag-aaral ni Carreon (2020), na ang isang salik na nakaaapekto sa paggamit ng ICT ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino ay ang kaalamang teknikal. Ayon pa kay Brioso (2017), ang kakayahan ng mga guro sa Filipino sa paggamit ng teknolohiya para mapaunlad ang kanilang estratehiya sa pagtuturo ay may kakulangan. Mapapansin na ang mga nailahad na mga pag-aaral ay nakatuon sa paggamit ng ICT sa pagtuturo sa asignaturang Filipino at iilan ang mga pag-aaral na nakatuon sa paggamit ng ICT sa pagkatuto ng panitikan lalo na sa Panitikang Asyano.

Sa pag-aaral na ito, inaasahang matutulungan ang mga guro na nagtuturo ng Panitikang Asyano na makalinang ng kagamitang pampagkatuto gamit ang makabagong teknolohiya sa pamamagitan ng pag-alam sa antas ng pangangailangan nila ng paggamit ng ICT sa mga paksa nito, pagbuo ng angkop na kagamitang ICT-Based sa mga paksang pinakanangangailangan ng paggamit ng ICT at pagtukoy sa antas ng balidasyon ng mga nabuong ICT-Based na kagamitan.

**Paglalahad ng Suliranin**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong masagot ang mga katanungan:

1. Ano ang antas ng pangangailangan ng mga guro ng paggamit ng ICT sa mga paksa ng Panitikang Asyano?
2. Anong kagamitang ICT-Based ang mabubuo na angkop sa mga paksang pinakanangangailangan ng paggamit ng ICT?
3. Ano ang antas ng balidasyon ng mga kagamitang ICT-Based na nabuo?

**METODOLOHIYA**

Disenyo ng Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng kwantitatibong pamamaraan at palarawang disenyo upang matukoy ang antas ng pangangailangan ng mga guro sa paggamit ng ICT sa mga paksa ng Panitikang Asyano, matukoy ang angkop na kagamitang ICT-Based sa mga paksang pinakanangangailangan at matukoy ang antas ng balidasyon ng mga nabuong kagamitang ICT-based.

Populasyon at Lokasyon ng Pag-aaral

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

Ang pag-aaral ay isinagawa sa mga sekondaryang pampublikong paaralan sa Tadian, Mountain Province. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay ang mga gurong nagtuturo ng Filipino 9 sa distrito ng Tadian 1 at 2 na pinili sa paraang purposive sampling.

Mga Instrumento sa Paglikom ng Datos

Ginamit ang talatanungan bilang instrumento sa pagkalap ng mga kinakailangang datos. Sa unang suliranin, ang mananaliksik ay bumuo ng talatanungan na naglalaman ng mga paksa ng Panitikang Asyano na may apat na puntusang Likert scale upang matukoy ang antas ng pangangailangan ng mga guro sa paggamit ng ICT na nagsilbing gabay sa pagbuo ng angkop na kagamitang ICT-Based sa ikalawang suliranin.

Sa pagbalido naman ng mga binuong kagamitang ICT-Based, ang talatanungang ginamit ay ang minodipika at isinalin ng mananaliksik na evaluation template para sa Kagamitang Non-print ng Learning Resources Management and Development System ng Kagawaran ng Edukasyon.

Pagtrato sa mga Datos

Ang mga impormasyong nakalap sa talatanungan ay tinimbang nang maigi at ang mga datos na lumabas ay sinuri upang matiyak ang pagkabalido. Sa unang suliranin, ang mananaliksik ay gumamit ng 4 puntusang Likert scale na ibinase sa pag-aaral ni Adaclog (2023) upang matukoy ang antas ng pangangailangan ng mga guro sa paggamit ng ICT sa mga paksa ng Panitikang Asyano na nagsilbing batayan sa mga binuong angkop na kagamitang ICT-Based sa ikalawang suliranin.

| WEIGHT | MEAN RANGE | ANTAS | DESKRIPSIYON |
|---|---|---|---|
| 4 | 3.25-4.00 | Napakataas | Lahat ng paksa ay nangangailangan |
| 3 | 2.50-3.24 | Mataas | Halos lahat ng paksa ay nangangailangan |
| 2 | 1.75-2.49 | Mababa | May iilang paksa na nangangailangan |
| 1 | 1.00-1.75 | Napakababa | Walang paksa ang nangangailangan |

Sa ikatlong suliranin ay ginamit pa rin ang 4 na puntusang Likert scale na ibinase sa pag-aaral ni Adaclog (2023) upang masukat ang balidasyon ng mga binuong kagamitang ICT-Based.

| WEIGHT | MEAN RANGE | ANTAS | DESKRIPSIYON |
|---|---|---|---|
| 4 | 3.25-4.00 | Napakataas | Lubos na katanggap-tanggap |
| 3 | 2.50-3.24 | Mataas | Katanggap-tanggap |
| 2 | 1.75-2.49 | Mababa | Medyo katanggap-tanggap |
| 1 | 1.00-1.75 | Napakababa | Hindi katanggap-tanggap |

## PAGTALAKAY SA RESULTA

### Antas ng Pangangailangan ng mga Guro ng Paggamit ng ICT sa mga Paksa ng Panitikang Asyano

Ang isa sa layunin ng pag-aaral na ito ay matukoy ang antas ng pangangailangan ng mga guro sa paggamit ng ICT sa mga paksa ng Panitikang Asyano na makikita sa Talahanayan 1.

Talahanayan 1. Antas ng pangangailangan ng mga guro sa paggamit ng ICT sa mga paksa ng Panitikang Asyano

| MGA PAKSA NG PANITIKANG ASYANO | WEIGHTED MEAN | ANTAS |
|---|---|---|
| 1. Maikling Kuwento ng Singapore: Ang Ama | 3.0 | Mataas |
| 2. Nobela ng Thailand: Ang Paghuhukom | 2.9 | Mataas |
| 3. Tula ng Pilipinas: Kultura: Pamana ng Nakaraan, Regalo ng Kasalukuyan, Buhay ng Kinabukasan | 2.9 | Mataas |
| 4. Sanaysay ng Indonesia:Kay Estella Zeehandelaar | 2.9 | Mataas |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

| | | |
|---|---|---|
| 5. Dula ng Pilipinas: Tiyo Simon | 2.9 | Mataas |
| 6. Tanka at Haiku ng Japan | 3.3 | Napakataas |
| 7. Pabula ng Korea: Ang Hatol ng Kuneho | 3.1 | Mataas |
| 8. Sanaysay: Ang Kababaihan ng Taiwan, Ngayon at Noong Nakaraang 50 Taon | 3.1 | Mataas |
| 9. Maikling Kuwento ng China: Niyebeng Itim | 3.3 | Napakataas |
| 10. Dula ng Mongolia: Munting Pagsinta | 3.6 | Napakataas |
| 11. Parabula ng Kanlurang Asya: Ang Talinhaga tungkol sa May-ari ng Ubasan | 3.0 | Mataas |
| 12. Elehiya ng Bhutan: Elehiya sa Kamatayan ni Kuya | 2.3 | Mababa |
| 13. Epiko: Rama at Sita | 3.1 | Mataas |
| 14. Maikling Kuwento ng Israel | 2.7 | Mataas |
| 15. Alamat ng Saudi Arabia | 2.7 | Mataas |
| 16. Kaligirang Kasaysayan ng Noli Me Tangere | 3.6 | Napakataas |
| 17. Tauhan ng Noli Me Tangere | 3.1 | Mataas |
| 18. Mahahalagang Pangyayari sa Buhay ni Crisostomo Ibarra | 3.1 | Mataas |
| 19. Mahahalagang Pangyayari sa Buhay ni Maria Clara | 3.1 | Mataas |
| 20. Mahahalagang Pangyayari sa Buhay ni Elias | 3.1 | Mataas |
| 21. Mahahalagang Pangyayari sa Buhay ni Sisa | 3.6 | Napakataas |
| KABUOAN | 3.1 | Mataas |

Pananda:
3.25-4:00 – Napakataas
2.50-3.24 – Mataas
1.75-2.49 – Mababa
1.00-1.74 – Napakababa

Batay sa talahanayan, ang mga paksang Tanka at Haiku ng Japan, Maikling Kuwento ng China: Niyebeng Itim, Dula ng Mongolia: Munting Pagsinta, Kaligirang Kasaysayan ng Noli Me Tangere at Mahahalagang Pangyayari sa Buhay ni Sisa ang nagkamit ng napakataas na antas ng pangangailangan ng paggamit ng ICT kaya ito ang mga kailangang gawan ng kagamitang ICT-Based.

Mapapansin na ang mga paksang may napakataas na antas ng pangangailangan ng ICT-Based na kagamitang pampagkatuto ay nabibilang sa iba't ibang genre ng panitikan na tula, maikling kuwento, dula at nobela na karaniwang nagsasalaysay. Ang genreng kinabibilangan ng mga paksang ito ay may pagkakapareho man sa mga paksang may mataas na antas ngunit ang mga ito ay mahaba at nangangailangan ng malalim na interpretasyon kaya kinakailangang maipaunawang mabuti sa tulong ng kagamitang ICT-Based. Ayon kay Carreon (2020), sa pagtuturo ng mga akdang nagsasalaysay tulad ng bulong, awiting-bayan, alamat, dula, epiko, at maikling kuwento ay angkop na gamitin ang ICT sapagkat napalalawak at nailalahad nang maayos at kawili-wili ang nilalaman ng akdang pampanitikan (Ligat, 2023). Karagdagan, ang paggamit din ng mga kagamitang ICT-Based sa pagtuturo sa mga genreng ito ay nagbubukas ng iba't ibang paraan sa malikhaing pagkukuwento at napadadali ang paraan ng pagbabahagi sa mga ito.

**Nabuong Angkop na Kagamitang ICT-Based sa mga Paksang Pinakanangangailangan ng Paggamit ng ICT**

Sa bahaging ito, masasalamin ang sumusunod na mga nabuong angkop na kagamitang ICT-Based sa mga paksa ng Panitikang Asyano na pinakanangangailangan ng paggamit ng ICT.

**Multimedia Presentation**

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

Ang Multimedia Presentation ay binubuo ng isang set ng mga larawan, text, audio at video clip na ipinapakita sa screen alinsunod sa pagkakasunod-sunod ng presentasyon (Subrahmanian et al., 2009). Dagdag ni Sehgal (2016), ito ay naiiba sa karaniwang presentasyon dahil nagtataglay ito ng kahit isang special media o animation gaya ng video clip, animation, tunog o navigation structure.

Ito ang nabuong kagamitang ICT-Based para sa paksang Tanka at Haiku. Ito ay mga maiikling tula na umusbong sa bansang Japan noong unang panahon na karaniwang itinuturo sa pamamaraang lecture-method kung saan muling ipinahahayag ng guro ang mga saknong saka tinatalakay sa mga mag-aaral. Ayon kay Guhan (2019), ang karaniwang kagamitang panturo na ginagamit sa mga ganitong anyo ng panitikan ay ang pisara. Kaya multimedia presentation ang binuo sa paksang ito dahil halos kahawig nito ang pisara na detalyado ang ipinapakita ngunit sa mas malikhaing paraan. Sa tulong ng mga bidyo, larawan, animation, text, at audio ay mas inilalapit sa mga mag-aaral ang mensaheng nais ipahiwatig ng mga Tanka at Haiku. Ang mga elementong ito rin ay nakatutulong sa pagtaguyod sa patuloy na paggamit sa kaisipang natutuhan sa Tanka at Haiku dahil ang nakita at narinig ng mga mag-aaral ay nakatulong upang maipaliwanag ang aralin.

**Interactive E-book**

Ang aklat ang itinuturing na kauna-unahang "teaching machine" (McLuhan, 1964) at hindi matatawaran ang ambag nito sa larangan ng edukasyon hanggang sa kasalukuyan. Sa paglipas ng panahon kasabay ng pag-usbong ng teknolohiya ay nakaroon ng kabi-kabilaang mga inobasyon gaya ng Interactive E-book. Ayon kina Bozkurt at Bozkaya (2015), ang interactive e-book ay digital book format kung saan ang gumagamit, ang digital book mismo at ang kapaligiran ay maaaring magkaroon ng mataas na antas ng interaksyon sa isa't isa.

Kaya ito ang angkop na kagamitang ICT-Based na nabuo para sa mga paksang Maikling Kuwento ng China na Niyebeng Itim, Dula ng Mongolia na Munting Pagsinta at Kaligirang Pangkasaysayan ng nobelang Noli Me Tangere. Ang ganitong kagamitan ay mas dinamiko at interaktibo na nagta-transform ng tradisyunal na pagbabasa patungo sa interaktibong kasanayan kaya mas napupukaw ang pansin ng mga mag-aaral kumpara sa aklat na kalimitang ginagamit sa pagtuturo sa mga paksang ito. Gamit ang interaktibong e-book na ito ay nagkakaroon ng panibagong oportunidad ang mga mag-aaral na matutuhan ang mga akdang ito sa makabagong pamamaraan na nakatutulong upang mas mapalalim ang kanilang pag-unawa at masuri ang nilalaman ng mga ito. Ayon kay Gogoi at Saha (2019), ang mga ganitong genre ng panitikan ay may magkakatulad na elemento gaya ng diyalogo, kilos at damdamin na karaniwang isinasawalang-bahala ng mga guro sa pagtuturo dahil sa kakulangan ng kagamitan at ang integrasyon ng ICT ang isang nakikitang solusyon dito. Ito ay nakatutulong upang mai-transform ang teksto ng dula sa totoong dula at ang maikling kuwento at nobela naman ay nagkakaroon ng mas mabuting paraan ng pagtuturo. Sa katunayan, lumabas sa pag-aaral nina Bozkurt at Bozkaya (2015), na ang interactive e-book ay gumagagamit ng mga elemento ng multimedia na ginagamit sa mayamang komunikasyon at nangangailangan lamang na isaisip ang mga simulain sa pagbuo ng kagamitang panturo upang mai-angkop sa bubuoing interactive e-book at makatulong sa pagpapataas ng pagkatuto at sa mas epektibo at episyenteng pagtuturo.

**Video lesson**

Ang video lesson ay isang aralin na naglalaman ng educational video tungkol sa isang tiyak na paksa na nakatutulong sa mga guro na magbahagi ng impormasyon sa interaktibo at kawili-wiling paraan (sendpulse, 2024). Ayon kay Adams (2024), nasa 80-85% ng mga mag-aaral ay mga visual-learner na nangangahulugang sila ay mas natututo kung may nakikitang video, larawan, infographics at iba pa. Sa pamamagitan ng mga video lesson ay nailalahad ng guro ang aralin sa kawili-wiling paraan na nagbubukas ng panibagong perspektibo sa pangangalap ng impormasyon.

Kaya ito ang angkop na kagamitang ICT-Based na binuo sa para sa paksang Mahahalagang Pangyayari sa Buhay ni Sisa ng nobelang Noli Me Tangere sapagkat ayon kina Adams at Hamm sa

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

pagbanggit ni Karppinen (2005) ay nakapaglalahad ito ng mga kuwento nang mabisa at madamdamin. Lalo pa at ang araling ito ay pinag-ugnay-ugnay na mga kabanata ng Noli Me Tangere na tumatalakay sa buhay ni Sisa kaya may kahabaan at nangangailangan ng mahabang panahon na gugugulin sa pagbabasa. Kung kaya ito ay makatutulong para paikliin ang oras na gugugulin sa pagbabasa sa halip ay gagamitin sa pagsusuri sa nilalaman at malalim na interpretasyon na nakapaloob sa bawat kabanata. Sa tulong din ng mga elemento ng ICT na ginamit sa video lesson ay nagkakaroon ng pagkakataon ang mga mag-aaral na mapanood at mas tumatak sa kanilang isipan ang mga mahahalagang pangyayari sa bahaging ito ng nobela. Ayon kay Jain (2012), sa pagtuturo ng nobela mainam ang paggamit ng video lesson upang maipakita ang mahahalagang pangyayari sa kuwento at mailahad ang tema, paglalarawan, konteksto, at pagsasalaysay nito.

Bilang kabuoan, mahalagang matukoy ng guro ang angkop na mga kagamitang gagamitin sa pagtuturo sapagkat nakasalalay dito ang pagpukaw sa interes at pagpapadali sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ayon kina Sali et al. (2024), kailangang angkop ang mga kagamitang ginagamit ng isang guro sa pagtuturo, napapanahon at nakasasabay sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Kabilang dito ay ang paggamit ng teknolohiya o kagamitang ICT-Based sa pagtuturo (Saavedra, 2018).

**Antas ng Balidasyon ng mga Kagamitang ICT-Based na Nabuo**

Isa rin sa layunin ng pag-aaral na ito, ang matukoy ang antas ng balidasyon ng mga nabuong kagamitang ICT-Based sa mga paksa ng Panitikang Asyano na may napakataas na antas ng pangangailangan ng paggamit ng ICT. Ang mga kagamitang ito ay ibinigay ng mananaliksik sa tatlong guro ng Filipino 9 para sa balidasyon pagdating sa kalidad sa nilalaman, instruksyunal at teknikal.

**Tanka at Haiku ng Japan**

Talahanayan 2
Antas ng Balidasyon ng mga Nabuong Kagamitang ICT-Based para sa Paksang Tanka at Haiku ng Japan

| A. Nilalaman | WEIGHTED MEAN | ANTAS |
|---|---|---|
| 1. Ang nilalaman ay alinsunod sa mga paksa/kasanayan na nasa DepEd learning compentecy ng asignaturang Filipino 9. | 4.0 | Napakataas |
| 2. Ang mga konsepto na nilinang ay nakatutu-long sa pagpapayaman, pagpapatibay o mastery sa inilahad na layunin. | 3.7 | Napakataas |
| 3. Ang nilalaman ay wasto. | 4.0 | Napakataas |
| 4. Ang nilalaman ay napapanahon. | 3.3 | Napakataas |
| 5. Ang nilalaman ay lohikal at organisado. | 3.0 | Napakataas |
| 6. Ang nilalaman ay malaya sa kahit anong bias (kultural, kasarian, lipi o ethnic). | 4.0 | Napakataas |
| 7. Ang nilalaman ay pinatataas ang kritikal na pag-iisip. | 3.0 | Mataas |
| 8. Ang nilalaman ay may kabuluhan sa tunay na buhay. | 3.3 | Napakataas |
| 9. Ang wika (kabilang na ang talasalitaan) ay akma sa mga mag- aaral sa Baitang | 4.0 | Napakataas |
| 10. Ang nilalaman ay nagsusulong ng positibong katangian na sumusupurta sa formative growth. | 3.7 | Napakataas |
| KABUOAN | 3.6 | Napakataas |
| B. Instruksyunal | | |
| 1. Ang layunin ng kagamitan ay maayos na nailahad. | 4.0 | Napakataas |
| 2. Ang kagamitan ay nakamit ang inilahad na layunin. | 3.7 | Napakataas |
| 3. Ang layunin ay malinaw na nailahad at posibleng maabot. | 4.0 | Napakataas |
| 4. Ang lebel ng kahirapan ay akma sa mga mag-aaral ng Baitang 9. | 4.0 | Napakataas |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

| | | |
|---|---|---|
| 5. Ang graphics/kulay/tunog ay nagamit nang wasto para sa layunin ng pagtuturo. | 4.0 | Napakataas |
| 6. Ang kagamitan ay kawili-wili at kaaya-ayang gamitin. | 3.0 | Mataas |
| 7. Ang kagamitan ay napupukaw ang pagkamalikhain ng gumagamit. | 3.0 | Mataas |
| 8. Ang gagamit ay may kontrol sa pagkasunod-sundo ng presentasyon. | 3.0 | Mataas |
| KABUOAN | 3.6 | Napakataas |
| C. Teknikal | | |
| 1. Ang audio na ginamit ay nakatutulong sa pagpapalalim ng pag-unawa sa konsepto. | 4.0 | Napakataas |
| 2. Ang pagsasalaysay (wastong hinto, diin at pagbigkas) ay malinaw at madaling maintindihan. | 4.0 | Napakataas |
| 3. May pagkakatugma ang audio sa ginamit na mga larawan. | 4.0 | Napakataas |
| 4. Ang musika at tunog na ginamit ay akma at epektibo para sa layunin ng pagtuturo. | 4.0 | Napakataas |
| 5. Ang screen display (teksto) ay maayos, madaling mabasa at kaaya-aya sa paningin. | 3.7 | Napakataas |
| 6. Ang mga visual presentation (non-text) ay malinaw at madaling maunawaan. | 4.0 | Napakataas |
| 7. Ang mga visual na ginamit ay napapananatili ang interes at hindi nakaabala sa gumagamit. | 3.0 | Mataas |
| 8. Ang kagamitan ay nagbibigay ng tiyak na representasyon ng konseptong tinatalakay. | 3.3 | Napakataas |
| 9. Ang disenyo ng kagamitan ay binibigyan ng kalayaan ang gumagamit na i-navigate ito. | 3.0 | Mataas |
| 10. Ang kagamitan ay madali at malayang gamitin. | 3.7 | Napakataas |
| KABUOAN | 3.6 | Napakataas |

*Pananda:*
*3.25-4:00 – Napakataas*
*2.50-3.24 – Mataas*
*1.75-2.49 – Mababa*
*1.00-1.74 – Napakababa*

Makikita sa Talahanayan 2 ang antas ng balidasyon ng kagamitang ICT-Based na binuong multimedia presentation para sa paksang Tanka at Haiku ng Japan na nakakuha ng napakataas na antas pagdating sa nilalaman, instruksyunal at teknikal na kalidad na may parehong weighted mean na 3.6. Samantala, sa bawat aytem ng mga kategoryang ito ay nakakuha ng pinaghalong napakataas at mataas na antas. Ito ay nangangahulugang lubos na katanggap-tanggap ang binuong kagamitan sa mga gurong nag-ebalweyt sa mga ito. Patunay na pagdating sa kalidad ng nilalaman, instruksyunal at teknikal nang binuong multimedia presentation ay may makabuluhang ambag sa paglinang ng kaalaman ng mga mag-aaral sa mga paksang Tanka at Haiku.

Sa tulong ng nabuong kagamitang ito ay mapalalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral tungkol sa tulang Tanka at Haiku. Ayon kay Elliot (2018), ang pag-unawa sa tula ay hindi lamang nakasalalay sa pagbabasa kundi nakatutulong din ang paggamit ng mga tunog na isang komponent ng multimedia presentation sa paggising ng kawilihan, pagkakaroon ng ideya at pagbuo ng imahen ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan din ng mga inilagay sa kagamitan na mga interaktibong ICT-Based na mga gawain mula sa madali patungo sa mahirap na lebel ay matutulungang mapataas ang antas ng komprehensiyon ng mga mag-aaral sa paksang ito. Gayundin ang video na inilakip tungkol sa kaligirang pangkasaysayan ng bansang pinagmulan nito. Sa tulong nito, magkakaroon ng kabatiran ang mga mag-aaral sa kulturang kinabibilangan ng mga tulang ito kaya lalong makakaugnay sila at mas mapadadali ang kanilang pagsusuri sa nilalaman.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

**Maikling Kuwento ng China: Niyebeng Itim**

Talahanayan 3
Antas ng Balidasyon ng Nabuong Kagamitang ICT-Based para sa Paksang Maikling Kuwento ng China: Niyebeng Itim

| A. Nilalaman | WEIGHTED MEAN | ANTAS |
|---|---|---|
| 1. Ang nilalaman ay alinsunod sa mga paksa/kasanayan na nasa DepED learning compentecy ng asignaturang Filipino 9. | 4.0 | Napakataas |
| 2. Ang mga konsepto na nilinang ay nakatutu-long sa pagpapayaman, pagpapatibay o mastery sa inilahad na layunin. | 4.0 | Napakataas |
| 3. Ang nilalaman ay wasto. | 4.0 | Napakataas |
| 4. Ang nilalaman ay napapanahon. | 4.0 | Napakataas |
| 5. Ang nilalaman ay lohikal at organisado. | 4.0 | Napakataas |
| 6. Ang nilalaman ay malaya sa kahit anong bias (kultural, kasarian, lipi o ethnic). | 3.7 | Napakataas |
| 7. Ang nilalaman ay pinatataas ang kritikal na pag-iisip | 4.0 | Napakataas |
| 8. Ang nilalaman ay may kabuluhan sa tunay na buhay. | 3.0 | Mataas |
| 9. Ang wika (kabilang na ang talasalitaan) ay akma sa mga mag-aaral sa Baitang 9. | 4.0 | Napakataas |
| 10. Ang nilalaman ay nagsusulong ng positibong katangian na sumusupurta sa formative growth. | 3.3 | Napakataas |
| KABUOAN | 3.8 | Napakataas |
| B. Instruksyunal | | |
| 1. Ang layunin ng kagamitan ay maayos na nailahad. | 4.0 | Napakataas |
| 2. Ang kagamitan ay nakamit ang inilahad na layunin. | 4.0 | Napakataas |
| 3. Ang layunin ay malinaw na nailahad at posibleng maabot. | 3.7 | Napakataas |
| 4. Ang lebel ng kahirapan ay akma sa mga mag-aaral ng Baitang 9. | 3.7 | Napakataas |
| 5. Ang graphics/kulay/tunog ay nagamit nang wasto para sa layunin ng pagtuturo. | 4.0 | Napakataas |
| 6. Ang kagamitan ay kawili-wili at kaaya-ayang gamitin. | 3.3 | Napakataas |
| 7. Ang kagamitan ay napupukaw ang pagkamalikhain ng gumagamit. | 3.3 | Napakataas |
| 8. Ang gagamit ay may kontrol sa pagkasunod-sundo ng presentasyon. | 4.0 | Napakataas |
| KABUOAN | 3.8 | Napakataas |
| C. Teknikal | | |
| 1. Ang audio na ginamit ay nakatutulong sa pagpapalalim ng pag-unawa sa konsepto. | 4.0 | Napakataas |
| 2. Ang pagsasalaysay (wastong hinto, diin at pagbigkas) ay malinaw at madaling maintindihan. | 4.0 | Napakataas |
| 3. May pagkakatugma ang audio sa ginamit na mga larawan. | 4.0 | Napakataas |
| 4. Ang musika at tunog na ginagamit ay akma at epektibo para sa layunin ng pagtuturo. | 4.0 | Napakataas |
| 5. Ang screen display (teksto) ay maayos, madaling mabasa at kaaya-aya sa paningin. | 3.7 | Napakataas |
| 6. Ang mga visual presentation (non-text) ay malinaw at madaling maunawaan. | 3.3 | Napakataas |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

| | | |
|---|---|---|
| 7. Ang mga visual na ginamit ay napananatili ang interes at hindi nakaabala sa gumagamit. | 3.3 | Napakataas |
| 8. Ang kagamitan ay nagbibigay ng tiyak na representasyon ng konseptong tinatalakay. | 3.3 | Napakataas |
| 9. Ang disenyo ng kagamitan ay binibigyan ng kalayaan ang gumagamit na i-navigate ito. | 3.7 | Napakataas |
| 10. Ang kagamitan ay madali at malayang gamitin. | 3.3 | Napakataas |
| KABUOAN | 3.7 | Napakataas |

Pananda:
3.25-4:00 – Napakataas
2.50-3.24 – Mataas
1.75-2.49 – Mababa
1.00-1.74 – Napakababa

Makikita sa Talahayan 3 ang antas ng balidasyon sa nabuong Kagamitang ICT-Based na interactive e-book para sa paksang Maikling Kuwento ng China: Niyebeng Itim na may weighted mean na 3.8 sa nilalaman at instruksyunal habang 3.7 naman sa teknikal. Sa bawat aytem naman ng bawat kategorya ay nakakuha ang mga kagamitang nabuo ng halos napakataas at mangilan-ngilan sa mataas na antas. Ito'y nangangahulugang lubos na katanggap-tanggap ang nabuong kagamitan sa mga ebalweytor upang gamitin sa pagtuturo ng Niyebeng Itim. Ito ay nagpapatunay na nailahad nang malinaw at maayos at nakamit ng kagamitan ang mga layunin nito at akma sa mga mag-aaral ng Baitang 9. Sinusupurtahan ito ng pag-aaral nina As et al. (2022), kung saan lumabas na ang binuong digital book o interaktibong e-book sa pagtuturo ng maikling kuwento ay may napakataas rin na antas ng balidasyon.

Ang interactive e-book na nilinang para sa paksang ito ay binubuo ng mga larawan, bidyo, teksto ng akda at mga interaktibong ICT-Based na mga gawain na multiple choice, drag and drop, at pasanaysay. Sa tulong ng mga elementong ito ay mas mawiwili at mapadadali ang pagsusuri sa banghay ng maikling kuwentong Niyebeng Itim. Ayon sa pag-aaral ni Foasberg (2011), mas gusto ng mga mag-aaral ang feature na inihahandog ng mga e-book kaysa karaniwang aklat sa pagbabasa ng maikling kuwento. Kaya mas malikhain at organisado ang pagsusuri dito gamit ang mga larawan at bidyo na kaiba sa nakagisnang tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo. Dagdag pa nina Blummer at Kenton (2020) sa pagbanggit nina Zhan et al. (2021), mas maayos ang pag-acces ng mga impormasyon at mas makabago ang proseso ng pagbabasa, pag-aanalisa, at pagsasaliksik gamit ang e-book. Gayundin sa mga komplikadong konsepto ay nakatutulong ito para sa pagkatuto kumpara sa mga karaniwang aklat at mas napapabuti ang kanilang performance (Hsiao et al., 2016).

**Dula ng Mongolia: Ang Munting Pagsinta**

Talahanayan 4
Antas ng balidasyon ng nabuong kagamitang ICT-Based para sa paksang Dula ng Mongolia: Munting Pagsinta

| | WEIGHTED MEAN | ANTAS |
|---|---|---|
| A. Nilalaman | | |
| 1. Ang nilalaman ay alinsunod sa mga paksa/kasanayan na nasa DepED learning compentecy ng asignaturang Filipino 9. | 4.0 | Napakataas |
| 2. Ang mga konsepto na nilinang ay nakatutu-long sa pagpapayaman, pagpapatibay o mastery sa inilahad na layunin. | 4.0 | Napakataas |
| 3. Ang nilalaman ay wasto. | 4.0 | Napakataas |
| 4. Ang nilalaman ay napapanahon. | 4.0 | Napakataas |
| 5. Ang nilalaman ay lohikal at organisado. | 4.0 | Napakataas |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

| | | |
|---|---|---|
| 6. Ang nilalaman ay malaya sa kahit anong bias (kultural, kasarian, lipi o ethnic). | 4.0 | Napakataas |
| 7. Ang nilalaman ay pinatataas ang kritikal na pag-iisip. | 4.0 | Napakataas |
| 8. Ang nilalaman ay may kabuluhan sa tunay na buhay. | 4.0 | Napakataas |
| 9. Ang wika (kabilang na ang talasalitaan) ay akma sa mga mag- aaral sa Baitang 9. | 4.0 | Napakataas |
| 10. Ang nilalaman ay nagsusulong ng positibong katangian na sumusupurta sa formative growth. | 4.0 | Napakataas |
| KABUOAN | 4.0 | Napakataas |
| B. Instruksyunal | | |
| 1. Ang layunin ng kagamitan ay maayos na nailahad. | 4.0 | Napakataas |
| 2. Ang kagamitan ay nakamit ang inilahad na layunin. | 3.3 | Napakataas |
| 3. Ang layunin ay malinaw na nailahad at posibleng maabot. | 4.0 | Napakataas |
| 4. Ang lebel ng kahirapan ay akma sa mga mag-aaral ng Baitang 9. | 3.7 | Napakataas |
| 5. Ang graphics/kulay/tunog ay nagamit nang wasto para sa layunin ng pagtuturo. | 4.0 | Napakataas |
| 6. Ang kagamitan ay kawili-wili at kaaya-ayang gamitin. | 3.6 | Napakataas |
| 7. Ang kagamitan ay napupukaw ang pagkamalikhain ng gumagamit. | 3.3 | Napakataas |
| 8. Ang gagamit ay may kontrol sa pagkasunod-sundo ng presentasyon. | 3.3 | Napakataas |
| KABUOAN | 3.7 | Napakataas |
| C. Teknikal | | |
| 1. Ang audio na ginamit ay nakatutulong sa pagpapalalim ng pag-unawa sa konsepto. | 4.0 | Napakataas |
| 2. Ang pagsasalaysay (wastong hinto, diin at pagbigkas) ay malinaw at madaling maintindihan. | 4.0 | Napakataas |
| 3. May pagkakatugma ang audio sa ginamit na mga larawan. | 4.0 | Napakataas |
| 4. Ang musika at tunog na ginamit ay akma at epektibo para sa layunin ng pagtuturo. | 4.0 | Napakataas |
| 5. Ang screen display (teksto) ay maayos, madaling mabasa at kaaya-aya sa paningin. | 4.0 | Napakataas |
| 6. Ang mga visual presentation (non-text) ay malinaw at madaling maunawaan. | 4.0 | Napakataas |
| 7. Ang mga visual na ginamit ay napananatili ang interes at hindi nakaabala sa gumagamit. | 3.7 | Napakataas |
| 8. Ang kagamitan ay nagbibigay ng tiyak na representasyon ng konseptong tinatalakay. | 3.7 | Napakataas |
| 9. Ang disenyo ng kagamitan ay binibigyan ng kalayaan ang gumagamit na i-navigate ito. | 3.7 | Napakataas |
| 10. Ang kagamitan ay madali at malayang gamitin. | 3.3 | Napakataas |
| KABUOAN | 3.7 | Napakataas |

Pananda:
3.25-4:00 – Napakataas
2.50-3.24 – Mataas
1.75-2.49 – Mababa

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

1.00-1.74 – Napakababa

Sa Talahanayan, makikita ang antas ng balidasyon ng binuong kagamitang ICT-Based na interactive e-book para sa paksang Dula ng Mongolia: Munting Pagsinta na may antas na napakataas at may weighted mean na 4.0 sa nilalaman at parehong 3.7 naman sa instruksyunal at teknikal na kalidad. Samantalang lahat ng aytem sa bawat kategorya ay nakakuha ng napakataas na antas. Nangangahulugan lamang ito na lubos na katanggap-tanggap ang nalinang na kagamitan sa mga gurong nag-ebalweyt dito. Ito ang nagpagpapatunay na mabisang gamitin ang kagamitang ito sa pagtuturo ng dulang Munting Pagsinta. Sa tulong ng kagamitang ito, mas mabibigyang-diin ang mga elemento ng dula pati na rin ang nilalaman ng Munting Pagsinta. Ang mga elemento ng multimedia na inilagay dito lalo na ang bidyo ay mas maglalapit sa akda sa mga mag-aaral gayundin ang kulturang Mongol na masasalamin dito. Ayon kay Jain (2012), sa tulong ng ICT tools ang mga dula ay maaaring maipanood sa mga mag-aaral kahit nasa loob ng kanilang klasrum. Ang mga elemento nito gaya ng pa-ilaw, tunog, tagpuan at props ay makikita ng mga mag-aaral kaya mag-iiwan sa kanila ng pangmatagalang impak. Lumabas sa pag-aaral nina Bermiso et al. (2023), na sa tulong ng kagamitang ICT-Based gaya ng interactive e-book ay napalalawak ang saklaw ng pagkatuto ng mga mag-aaral, hindi lang ang nilalaman kundi pati na ang kultural na implikasyon na nararapat nilang maisaisip sa kasalukuyan upang higit na mapahalagahan ang sariling pagkakakilalan na masasalamin sa mga akda tulad ng dula.

**Kaligirang Pangkasaysayan ng Noli Me Tangere**

Talahanayan 5
Antas ng balidasyon ng nabuong kagamitang ICT-Based para sa paksang Kaligirang Pangkasaysayan ng Noli Me Tangere

| A. Nilalaman | WEIGHTED MEAN | ANTAS |
|---|---|---|
| 1. Ang nilalaman ay alinsunod sa mga paksa/kasanayan na nasa DepED learning compentecy ng asignaturang Filipino 9. | 4.0 | Napakataas |
| 2. Ang mga konsepto na nilinang ay nakatutu-long sa pagpapayaman, pagpapatibay o mastery sa inilahad na layunin. | 4.0 | Napakataas |
| 3. Ang nilalaman ay wasto. | 4.0 | Napakataas |
| 4. Ang nilalaman ay napapanahon. | 4.0 | Napakataas |
| 5. Ang nilalaman ay lohikal at organisado. | 4.0 | Napakataas |
| 6. Ang nilalaman ay malaya sa kahit anong bias (kultural, kasarian, lipi o ethnic). | 4.0 | Napakataas |
| 7. Ang nilalaman ay pinatataas ang kritikal na pag-iisip. | 4.0 | Napakataas |
| 8. Ang nilalaman ay may kabuluhan sa tunay na buhay. | 3.7 | Napakataas |
| 9. Ang wika (kabilang na ang talasalitaan) ay akma sa mga mag- aaral sa Baitang 9. | 4.0 | Napakataas |
| 10. Ang nilalaman ay nagsusulong ng positibong katangian na sumusupurta sa formative growth. | 4.0 | Napakataas |
| KABUOAN | 4.0 | Napakataas |
| B. Instruksyunal | | |
| 1. Ang layunin ng kagamitan ay maayos na nailahad. | 4.0 | Napakataas |
| 2. Ang kagamitan ay nakamit ang inilahad na layunin. | 4.0 | Napakataas |
| 3. Ang layunin ay malinaw na nailahad at posibleng maabot. | 3.7 | Napakataas |
| 4. Ang lebel ng kahirapan ay akma sa mga mag-aaral ng Baitang 9. | 3.7 | Napakataas |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

| | | |
|---|---|---|
| 5. Ang graphics/kulay/tunog ay nagamit nang wasto para sa layunin ng pagtuturo. | 4.0 | Napakataas |
| 6. Ang kagamitan ay kawili-wili at kaaya-ayang gamitin. | 4.0 | Mataas |
| 7. Ang kagamitan ay napupukaw ang pagkamalikhain ng gumagamit. | 3.3 | Mataas |
| 8. Ang gagamit ay may kontrol sa pagkasunod-sundo ng presentasyon. | 4.0 | Napakataas |
| KABUOAN | 3.8 | Napakataas |
| C. Teknikal | | |
| 1. Ang audio na ginamit ay nakatutulong sa pagpapalalim ng pag-unawa sa konsepto. | 4.0 | Napakataas |
| 2. Ang pagsasalaysay (wastong hinto, diin at pagbigkas) ay malinaw at madaling maintindihan. | 4.0 | Napakataas |
| 3. May pagkakatugma ang audio sa ginamit na mga larawan. | 4.0 | Napakataas |
| 4. Ang musika at tunog na ginamit ay akma at epektibo para sa layunin ng pagtuturo. | 4.0 | Napakataas |
| 5. Ang screen display (teksto) ay maayos, madaling mabasa at kaaya-aya sa paningin. | 4.0 | Napakataas |
| 6. Ang mga visual presentation (non-text) ay malinaw at madaling maunawaan. | 4.0 | Napakataas |
| 7. Ang mga visual na ginamit ay napananatili ang interes at hindi nakaabala sa gumagamit. | 3.7 | Napakataas |
| 8. Ang kagamitan ay nagbibigay ng tiyak na representasyon ng konseptong tinatalakay. | 3.7 | Napakataas |
| 9. Ang disenyo ng kagamitan ay binibigyan ng kalayaan ang gumagamit na i-navigate ito. | 4.0 | Napakataas |
| 10. Ang kagamitan ay madali at malayang gamitin. | 3.7 | Napakataas |
| KABUOAN | 3.9 | Napakataas |

Pananda:
3.25-4:00 – Napakataas
2.50-3.24 – Mataas
1.75-2.49 – Mababa
1.00-1.74 – Napakababa

Matutunghayan sa Talahanayan 5 ang antas ng balidasyon ng nabuong kagamitang ICT-Based na interactive e-book para sa paksang Kaligirang Pangkasaysayan ng Noli Me Tangere na may weighted mean na 4.0 sa nilalaman, 3.8 sa instruksyunal at 3.9 naman sa teknikal na kalidad. Sa lahat naman ng aytem sa bawat kategorya ay nakakuha ang kagamitang nabuo ng napakataas na antas. Ito'y nangangahulugang lubos na katanggap-tanggap ang mga nabuong kagamitan sa mga ebalweytor upang gamitin sa pagtuturo. Ito ay nagpapatunay na may kalidad ang kagamitang ito at taglay ang nilalaman na tatamo sa layuning dapat maituro sa paksang ito. Sa pagsuporta ng pag-aaral nina Wulandari et al. (2023), lumabas na ang e-book based na binuo para sa pagtuturo ng mga nobela na may integrasyon sa kultura ay may napakataas na antas ng balidasyon. Gayundin sa pag-aaral ni Adaclog (2023), na ang interaktibong modyul o e-book na kanyang binuo para sa ilang kabanata ng nobelang Noli Me Tangere gamit ang Kotobee Author ay may napakataas rin na antas ng balidasyon.

**Mahahalagang Pangyayari sa Buhay ni Sisa**

Talahanayan 6

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

Antas ng balidasyon ng nabuong kagamitang ICT-Based para sa paksang Mahahalagang Pangyayari sa Buhay ni Sisa

| A. Nilalaman | WEIGHTED MEAN | ANTAS |
|---|---|---|
| 1. Ang nilalaman ay alinsunod sa mga paksa/kasanayan na nasa DepED learning compentecy ng asignaturang Filipino 9. | 4.0 | Napakataas |
| 2. Ang mga konsepto na nilinang ay nakatutu-long sa pagpapayaman, pagpapatibay o mastery sa inilahad na layunin. | 3.7 | Napakataas |
| 3. Ang nilalaman ay wasto. | 4.0 | Napakataas |
| 4. Ang nilalaman ay napapanahon. | 3.3 | Napakataas |
| 5. Ang nilalaman ay lohikal at organisado. | 4.0 | Napakataas |
| 6. Ang nilalaman ay malaya sa kahit anong bias (kultural, kasarian, lipi o ethnic). | 3.7 | Napakataas |
| 7. Ang nilalaman ay pinatataas ang kritikal na pag-iisip. | 4.0 | Napakataas |
| 8. Ang nilalaman ay may kabuluhan sa tunay na buhay. | 3.7 | Napakataas |
| 9. Ang wika (kabilang na ang talasalitaan) ay akma sa mga mag-aaral sa Baitang 9. | 4.0 | Napakataas |
| 10. Ang nilalaman ay nagsusulong ng positibong katangian na sumusupurta sa formative growth. | 3.7 | Napakataas |
| KABUOAN | 3.8 | Napakataas |
| B. Instruksyunal | | |
| 1. Ang layunin ng kagamitan ay maayos na nailahad. | 4.0 | Napakataas |
| 2. Ang kagamitan ay nakamit ang inilahad na layunin. | 3.7 | Napakataas |
| 3. Ang layunin ay malinaw na nailahad at posibleng maabot. | 4.0 | Napakataas |
| 4. Ang lebel ng kahirapan ay akma sa mga mag-aaral ng Baitang 9. | 4.0 | Napakataas |
| 5. Ang graphics/kulay/tunog ay nagamit nang wasto para sa layunin ng pagtuturo. | 3.7 | Napakataas |
| 6. Ang kagamitan ay kawili-wili at kaaya-ayang gamitin. | 3.3 | Napakataas |
| 7. Ang kagamitan ay napupukaw ang pagkamalikhain ng gumagamit. | 3.3 | Napakataas |
| 8. Ang gagamit ay may kontrol sa pagkasunod-sundo ng presentasyon. | 4.0 | Napakataas |
| KABUOAN | 3.8 | Napakataas |
| C. Teknikal | | |
| 1. Ang audio na ginamit ay nakatutulong sa pagpapalalim ng pag-unawa sa konsepto. | 4.0 | Napakataas |
| 2. Ang pagsasalaysay (wastong hinto, diin at pagbigkas) ay malinaw at madaling maintindihan. | 4.0 | Napakataas |
| 3. May pagkakatugma ang audio sa ginamit na mga larawan. | 4.0 | Napakataas |
| 4. Ang musika at tunog na ginamit ay akma at epektibo para sa layunin ng pagtuturo. | 4.0 | Napakataas |
| 5. Ang screen display (teksto) ay maayos, madaling mabasa at kaaya-aya sa paningin. | 3.7 | Napakataas |
| 6. Ang mga visual presentation (non-text) ay malinaw at madaling maunawaan. | 3.7 | Napakataas |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

| | | |
|---|---|---|
| 7. Ang mga visual na ginamit ay napapananatili ang interes at hindi nakaabala sa gumagamit. | 3.3 | Napakataas |
| 8. Ang kagamitan ay nagbibigay ng tiyak na representasyon ng konseptong tinatalakay. | 3.3 | Napakataas |
| 9. Ang disenyo ng kagamitan ay binibigyan ng kalayaan ang gumagamit na i-navigate ito. | 3.3 | Napakataas |
| 10. Ang kagamitan ay madali at malayang gamitin. | 3.7 | Napakataas |
| KABUOAN | 3.8 | Napakataas |

Pananda:
3.25-4:00 – Napakataas
2.50-3.24 – Mataas
1.75-2.49 – Mababa
1.00-1.74 – Napakababa

Makikita naman sa Talahanayan 6 ang balidasyon ng nabuong kagamitang ICT-Based na video lesson para sa paksang Mahahalagang Pangyayari sa Buhay ni Sisa na may parehong weighted mean na 3.8 sa nilalaman, instruksyunal at teknikal na kalidad. Sa lahat naman ng aytem sa bawat kategorya ay nakakuha ang kagamitang nabuo ng napakataas na antas. Ito'y nangangahulugang lubos na katanggap-tanggap ang mga nabuong kagamitan sa mga ebalweytor upang gamitin sa pagtuturo sa nasabing paksa. Sa tulong ng video lesson na ito, mas maipauunawa sa mga mag-aaral ang mga mahahalagang pangyayari sa buhay ni Sisa lalo na ang pagiging ina niya. Magkakaroon din sila ng kalayaan na maghula, maghinuha, bumuo at mag-analisa ng mga impormasyon batay sa napanood. Sa pag-aaral nina Vacalares et al. (2023), lumabas na sa pagtuturo ng panitikan gaya ng nobela ay epektibong kagamitan ang video sa pagpapataas ng interes sa pagkatuto, mabilisang pag-unawa at pagsasaulo sa aralin. Lumabas din sa pag-aaral nina Rustabekovna at Adambayevna (2020), na ang paggamit ng video sa pagtuturo ng nobela ay nakatutulong sa pagkakaroon ng panibagong kapaligiran sa pagkatuto, pinalalawig ang talakayan sa pagitan ng guro at mag-aaral, at ginagawang aktibo ang klase.

Bilang kabuoan, natuklasan ng mananaliksik na ang mga binuong multimedia presentation, interaktibong e-book at video lesson ay maituturing na mabisang mga kagamitan na maaaring gamitin ng mga guro sa pagtuturo ng Panitikang Asyano.

## KONGKLUSYON

Batay sa isinagawang pagsusuri sa mga datos ng pag-aaral ay nabuo ang mga sumusunod na kongklusyon:
1. Halos lahat ng paksa sa Panitikang Asyano ay may mataas na antas ng pangangailangan ng paggamit ng ICT sa pagtuturo.
2. Ang ilan sa mga angkop na kagamitang ICT-Based na maaaring gamitin sa pagtuturo ng Panitikang Asyano ay mga interaktibong kagamitan na binubuo ng mga elemento ng multimedia.
3. Ang paggamit ng mga binuong kagamitang ICT-Based ay katanggap-tanggap sa mga ebalweytor.

## REKOMENDASYON

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, iminumungkahi ang mga sumusumod:
1. Maaaring gamitin at paunlarin ang nabuong mga kagamitang ICT-Based at gawing batayan sa pagbuo ng iba pang mga kagamitan para naman sa mga paksang may mataas na antas ng pangangailangan.
2. Maliban sa mga nabanggit na mga kagamitang ICT-Based, subuking gumawa o luminang ng iba pang kagamitan sa pagtuturo ng Panitikang Asyano.
3. Gamitin at paunlarin ang nabuong mga kagamitang ICT-Based sa pagtuturo sa iba't ibang genre ng Panitikang Asyano.

## TALASANGGUNIAN

Adaclog, A. (2023). Pagbuo ng interaktibong modyul sa Noli Me Tangere. Unpublished master's thesis, Benguet State University, La Trinidad, Benguet.

Adams, A. (2024). Visual learner statistics: facts and trends.

Bermiso, F., Evangelio, J., Gongora, A., Abines, R., Agohot, M., at Alcontin, R. (2023). Mga piling e-pabula ng Caraga bilang mga kagamitang awdyo- biswal sa pagtuturo sa ikapitong baitang / selected e-fables of caraga as audio-visual instructional materials in the seventh grade. Malay Journal, 88-102.

Bozkurt, A. at Bozkaya, M. (2015). Evaluation criteria for interactive e-books for open and distance learning. doi.10.19173/irrodl.v16i5.2218

Brioso, J. (2017). An e-classrom management system implmentation: contextualization, perception and usability. 6(1), 229-249.

Brush, T., Gladzewski, K., at Hew, K. (2008). Development of an instrument to measure preservice teachers' technology skills, technology beliefs and technology barriers. doi.10.1080/07380560802157972

Carreon, D. (2020). Integrasyon ng information and communication technology sa pagtuturo ng filipino. Unpublished Master's Thesis. Benguet State University, La Trinidad, Benguet.

Foasberg, N. (2011). Adoption of e-book readers among college students. doi.10.6017/ital.v30i3.1769

Ghavifekr, S., Mojgan, A., at Amla, S. (2012). Management strategies for e-learning system as the core component of systemic change change: a qualitative analysis. Life Science Journal, 9(3).

Gogoi, B. at Saha, R. (2019). ICT: a significant tool for providing variety to teaching & learning of english literature.

Grabe, M. at Grabe, C. (2007). Integrating technology for meaningful learning. Boston, MA: Houghton Mifflin.

Guhan, M. (2019). Effective teaching of poetry through blended learning using multimedia technology.

Hsiao, C., Chang, J., at Tang, K. (2016). Exploring the influential usage of mobile social apps: satisfaction, habit, and costumer value perspective. doi.org/10.1016/j.tele.2015.08.014

Igualdo, C. 2020. Mga hamon at estratehiya sa pagtuturo ng panitikan sa flexible learning. Unpublished Master's Thesis. Benguet State University, La Trinidad, Benguet.

Jain, M. (2012). ICT as an aid in teaching english literature and bridging the digital divide.

Karppinen, p. (2005). Meaningful learning with digital and online videos: theoretical perspectives.

Ligat, I. (2023). Gamit ng information and communication technology sa pagtuturo ng filipino. Unpublished Master's Thesis. Benguet State University, La Trinidad, Benguet.

Mcluhan, M. (1964). Understanding media. New York: Mentor.

Rouse, M. (2023). What is ict available at:.

Saavedra, A. (2018). Technology engagement and writing skill: an analysis among elementary-grade filipino learners.

Sali, J., Ajijun, M., Martin, R., Abing, K., at Jainal, E. (2024). Mga kagamitang pampagtuturong ginagamit sa mga asignaturang filipino.

Sehgal, T. (2016). Multimedia presentation and authoring.

Sendpulse. (2024). What is a video lesson: basics. https://sendpulse.com/ support/glossary/video-lesson.

Subrahmanian, V., Martinez, M., at Reforgiato, D. (2009). Multimedia presentation databases. doi.org/10.1007/978-0-387-39940-9_236.

Vacalares, S., Apatan, F., Desamito, M., Laure, S., Pacomios. J., at Zafra, K. (2023). Utilizing videos as a learning tool in teaching literature to teacher education students. doi.org/10.5281/zenodo.8076979